LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 30 S. 2017

PARA SA : LAHAT NG BALIWAGENYO

MULA SA : TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

PAKSA : PAGGUNITA SA ARAW NI BONIFACIO

PETSA : IKA- 27 NG NOBYEMBRE 2017

Sa ika-30 ng Nobyembre 2017 ay gugunitain ang kapanganakan ng dakilang supremo ng Katipunan at ama ng rebolusyon, si Gat. Andres Bonifacio. Siya ang nagsilbing tanglaw na gumabay sa mga rebolusyonaro. Kanyang ipinaglaban ang isang karapatan na sa tingin nya ay nararapat na makamtan ng mga Pilipino, kung saan ay kanyang ipinamalas ang husay, tapang at pagiging makabayan.

Dahil dito, sa bisa ng Proklamasyon blg. 50 na may pamagat na "*Declaring the Regular Holidays and Special (Non-working) Days for the Year 2017*" ay idinedeklara ang nasabing araw bilang isang *Regular Holiday* sa buong bansa.

Sama-sama nating alalahanin ang sakripisyo ni Gat. Andres Bonifacio at ating buhayin ang pusong makabayan sa bawat Baliwagenyo.

Sa ngalan ng Serbisyong May Malasakit,

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

MUNICIPALITY OF BALIWAG
00017783

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG
Serbisyong May Malasakit

OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
BALIWAG, BULACAN
RELEASED
11-29-17